

Deposits at Fees



TENANT RESOURCE & ADVISORY CENTRE

Unit #150-900 Howe St
Vancouver, BC V6Z 2M4

1-800-665-1185
tenants.bc.ca

Magkano ba ang maaaring singilin sa akin ng aking landlord para sa security/damage deposit?



Hindi hihigit sa KALAHATI ng renta para sa isang buwan!

Sa BC, ang magrequest ng first and last month's rent (renta para sa una ang huling buwan) bilang deposit ay illegal (labag sa batas).¹

EKSEPSYON: Kung ang iyong landlord ay nagpapahintulot ng mga alagang-hayop, maaari rin siyang sumingil ng hiwalay na pet deposit na hanggang kalahati ng buwanang renta.²

Kung sobra ang siningil sa iyo, maaari mong abisuhan ang iyong landlord at ibawas ang sumobrang halaga mula sa iyong susunod na bayad sa renta. Maaari ka ring mag-apply sa Residential Tenancy Branch (RTB) para makuha muli ang sobrang bayad.³

Mga hakbang na dapat gawin para makuha mo muli ang iyong deposit pagkatapos mo umalis sa unit:

1. Ibigay sa iyong landlord ang iyong forwarding mailing address sa loob ng isang taon mula ng katapusan ng iyong tenancy.

Dapat mong punan ang form RTB-41 para patunayan na angkop mong ibinigay sa iyong landlord ang iyong forwarding address.⁴

2. Pagkatapos mo ibigay ang iyong forwarding address, ang iyong landlord ay may 15 araw para:

- Ibalik ang iyong deposit;
- Kunin ang iyong nakasulat na permiso para panatilihin ang bahagi o ang buong halaga ng iyong deposit, at ibalik ang natitirang halaga sa iyo; o kaya
- Mag-apply para sa isang dispute resolution para panatilihin ang bahagi o ang buong halaga ng iyong deposit.

Ang security deposits ay kumikita ng interest sa paglipas ng panahon. Dapat isauli sa iyo ng iyong landlord ang iyong security deposit **NANG MAY INTEREST**.

May mahahanap kang deposit interest calculator sa website ng RTB.

3. Makaraan ang 15 araw, kung hindi pa rin ginagawa ng iyong landlord ang alinman sa mga hakbang na ito, mawawala niya ang kanyang karapatang panatilihin ang deposit. Maaari kang mag-apply para sa isang "direct request" sa RTB para sa **DOBLE** ng halaga ng deposit.⁵



Kung hiniling ng iyong landlord na panatilihin ang bahagi ng halaga o ang buong halaga ng iyong security deposit, hindi ka kailangang sumang-ayon!

Kung hindi ka sumasang-ayon sa request ng iyong landlord, ang landlord ay kailangang mag-apply para humingi ng permiso at para patunayan ang kanyang kaso sa RTB.



Mga Report ng mga Deposit at Condition Inspection

Kung hindi ka binigyan ng iyong landlord ng kahit man lamang dalawang pagkakataon para lumahok sa move-in at move-out condition inspection ng iyong unit, O KAYA kung hindi ka niya binigyan ng kopya ng report, **mawawalan siya ng karapatang** panatilihin ang iyong security deposit para sa anumang sira sa unit.

Kung hindi ka lumahok sa isang move-in o move-out inspection pagkatapos ka inalok ng iyong landlord ng dalawang pagkakataong gawin ito, **mawawalan ka ng karapatang** ibalik sa iyo ang iyong deposit.

Magagamit ng isang landlord ang Condition Inspection Report form RTB-27, o kaya'y makakagawa siya ng kanyang sariling report basta isinama niya ang standard information na nasa Seksyon 20 ng RTR. Kung ikaw at ang iyong landlord ay gumawa ng walk-through pero hindi ninyo sinulatan ang form, hindi kabilang ang inspeksyon na ito.

Kailan ba mapapahintulutan ang aking landlord na singilin ako ng karagdagang fees?

Ang iyong landlord ay pinahihintulutan lamang na singilin ka ng fees na nakalista sa Seksyon 6 at 7 ng Residential Tenancy Regulation (RTR). Ang mga karaniwang halimbawa ay:

- **Hanggang \$25 fee para sa nahuhuling renta**, kung ito'y nakasulat sa iyong tenancy agreement.
- **Fee para palitan o magbigay ng mga karagdagang susi**, pero ito'y hindi maaaring higit pa sa halaga ng gastos para sa susi.

Mag-ingat sa illegal fees! Ang iyong landlord ay HINDI KAILANMAN pinahihintulutang singilin ka para sa:

- **Rental applications** kahit na plano niyang isauli o i-apply ito sa renta o sa deposit. Kabilang dito ang fees para imbestigahan ang isang aplikante.
- **Mga bisita**, kahit na nanatili sila nang magdamag.

Para sa Karagdagang Impormasyon

- 1 Tingnan ang RTB Policy Guideline 29 para sa impormasyon tungkol sa security deposits.
- 2 Tingnan ang Seksyon 18(2) ng Residential Tenancy Act (RTA) para sa impormasyon tungkol sa pet damage deposits.
- 3 Tingnan ang Seksyon 19(2) ng RTA tungkol sa sobrang binayarang halaga para sa isang deposit.
- 4 Tingnan ang RTB Policy Guideline 49, Seksyon F tungkol sa pagpapatunay ng serbisyo ng forwarding address.
- 5 Tingnan ang Seksyon 38(6)(b) ng RTA.

Ang TRAC ay tumatanggap ng patuloy na suporta mula sa: **Filipino**



Department of Justice
Canada

Ministère de la Justice
Canada

Ito'y pangkalahatang impormasyon na umaaplay sa British Columbia, Canada. Hindi magagarantiya ng TRAC na ito ang kasalukuyang bersiyon at na ito'y kompleto. Ang fact sheet na ito ay hindi dapat ituring na legal na payo para sa mga ispesipikong legal na problema. Gamitin sa sarili mong kapahamakan at konsultahin ang isang abogado kung kailangan mo ng legal na payo. V1 July, 2025.